

## Katotohanang Sulat ng Legionellosis

### Ano ang legionellosis?

Ang Legionellosis ay sanhi ng bakterya na tinatawag na Legionella. Ang sakit na ito ay may dalawang magkaibang anyo. Ang Legionnaires na sakit ay ang mas malubhang anyo ng impeksyon na nagdudulot ng pulmonya. Ang Pontiac fever ay sanhi ng parehong bakterya, ngunit itoy mas banayad na anyo ng sakit, ito ay walang pulmonya.

Ang pangalan ng sakit na ito ay nakuha mula sa isang grupo ng mga tao na dumalo sa isang kombensyon ng American Legion mula sa Philadelphia noong 1976 na nagkaroon ng pulmonya. Bagama't ang *Legionella* na bakterya ay nasa paligid na mula noong 1976, hindi pa nahanap ng mga siyentipiko ang mga bakteryang ito sa baga ng isang taong may sakit bago ang panahong iyon.

### Sino ang makakakuha ng legionellosis?

Maaaring magkaroon ng legionellosis ang sinuman, ngunit mas karaniwan at mas malala ito sa mga matatandang tao (nasa 50 taong gulang o mas matanda), mga taong kasalukuyan o dating naninigarilyo, mga taong may sakit sa baga (tulad ng emphysema), at mga taong may mahinang immune system. Ang mga malulusog na tao na nakikipag-ugnayan sa bakterya ay maaaring walang anumang sintomas o maaaring makaranas lamang ng banayad na karamdaman.

### Paano kumakalat ang legionellosis?

Ang *Legionella* na bakterya ay natural na matatagpuan sa kapaligiran at karaniwan na lumalaki sa maligamgam na tubig, tulad ng uri na makikita sa mga pampalamuti na fountain, hot tub, whirlpool, mainit na tanke ng tubig, at air conditioning cooling tower. Ang mga air-condition ng bahay at sasakyan ay hindi gumagamit ng tubig upang palamigin ang hangin, kaya hindi sila panganib para sa paglaki ng *Legionella*. Napupunta ang bakterya sa hangin kapag may nalikhang ambon o spray ng tubig (halimbawa, sa pamamagitan ng mga kagamitan tulad ng ulo ng shower o whirlpool). Ang mga tao na makakalanghap sa ambon na nahawahan ng bakterya at pagkatapos ay maaari silang magkasakit. Sa pangkalahatan, ang bakterya ay hindi kumakalat mula sa tao patungo sa tao.

### Ano ang mga sintomas ng legionellosis?

Ang sakit na Legionnaires ay maaaring magkaroon ng mga sintomas tulad ng ibang anyo ng pulmonya, kaya maaaring mahirap itong masuri sa simula. Kabilang sa mga palatandaan ng sakit ay ang mataas na lagnat, panginginig, at ubo. Ang ilang mga tao ay maaaring magkaroon din ng pananakit ng kalamnan at pananakit ng ulo. Ang pulmonya ay maaaring maging napakalubha at humigit-kumulang 1 sa 10 tao na may sakit na Legionnaires ang namamatay. Ang mga sintomas ng Pontiac fever ay maaari ding magsama ng lagnat, pananakit ng ulo, at pananakit ng kalamnan, ngunit walang pulmonya.

### Gaano kabilis lalabas ang mga sintomas pagkatapos ng pagkakalantad?

Para sa Legionnaires' na sakit, karaniwang lumalabas ang mga sintomas 2 hanggang 14 na araw pagkatapos ng pagkakalantad, na karaniwang tumatagal ng 5 hanggang 6 na araw. Para sa Pontiac fever, karaniwang lumalabas ang mga sintomas 5 hanggang 72 oras pagkatapos ng pagkakalantad, na karaniwang tumatagal ng 24 hanggang 48 na oras.

## Paano nasusuri ang legionellosis?

Maraming mga pagsusuri sa laboratoryo ang maaaring gamitin upang mahanap ang *Legionella* bakterya sa katawan. Ang pinaka karaniwang ginagamit na pagsusuri ay ang urinary antigen test, na nakakatukoy ng bakterya sa sample ng ihi. Kung ang pasyente ay may pulmonya at ang pagsusuri sa antigen ng ihi ay naging positibo, ang pasyente ay itinuturing na may sakit na Legionnaires. Ang sakit ay maaari ding masuri sa pamamagitan ng culture, na kung saan ang bakterya ay palalaking sa lab mula sa plema o iba pang respiratory (baga) secretions. Ang molecular testing (pag-detect ng PCR) ng respiratory specimens ay ginagamit din para uriin ang isang kaso ng legionellosis para sa pagbabantay ng kalusugan sa publiko. Sa wakas, ang mga ispesimen ng dugo na kinukuha sa sandaling magsimula ang sakit at pagkuha muli ilang linggo pagkatapos ng paggaling ay maaari ring gamitin upang makagawa ng dyagnosis .

## Ano ang gamutan para sa legionellosis?

Ang mga antibiyotiko ay ginagamit upang gamutin ang sakit na Legionnaires. Ang mga pasyenteng may pulmonya ay maaari ring mangailangan ng pagpapaospital, oxygen, at iba pang pangangalagang medikal. Karamihan sa mga pasyenteng may Pontiac fever ay gumagaling sa loob ng 2 hanggang 5 araw nang walang gamutan.

## Paano maiiwasan ang legionellosis?

Walang bakuna upang maiwasan ang legionellosis. Ang pagkakaroon ng bakterya ng *Legionella* ay maaaring mabawasan sa pamamagitan ng maayos na pagpapanatili ng mga sistema ng tubig kung saan lumalaki ang bakterya (tulad ng mga sistema ng pag-init, paglamig at pagtutubero). Ang mga komersyal na cooling tower ay dapat alisan ng tubig kapag hindi ginagamit at dapat linisin pana-panahon upang maalisan ang kaliskis at latak. Ang mga tangke ng mainit na tubig ay dapat panatilihin sa 140°F upang maiwasan ang paglaki ng bakterya at ang temperatura ng tubig ay dapat na 122°F o mas mataas sa mga gripo. Kung may panganib ng pagkapaso, lalo na para sa mga bata, matatanda, o mga may kapansanan, dapat gumamit ng mga hakbang sa proteksyon sa paso. Ang mga taong may mga hot tub at whirlpool bath ay dapat sumunod sa mga rekomendasyon ng mga tagagawa para sa paglilinis at pagpapanatili upang mapanatiling malinis at walang *Legionella* na bakterya ang mga ito. Ang tubig na galing sa gripo ay hindi dapat gamitin sa mga kagamitan sa respiratory therapy. Bilang karagdagan, ang pag-iwas sa paninigarilyo ay maaaring mabawasan ang panganib na magkaroon ng legionellosis.

## Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa legionellosis?

- Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa legionellosis, makipag-ugnayan sa iyong tagapangalaga ng iyong kalusugan.
- Tawagan ang iyong lokal na departamento ng kalusugan. Ang isang direktoryo ng mga lokal na departamento ng kalusugan ay matatagpuan sa <http://www.vdh.virginia.gov/local-health-districts/>.
- Bisitahin ang website ng Centers for Disease Control and Prevention sa <https://www.cdc.gov/legionella/index.html>.